
Kidlat sa Gulod
Nobela ni COCHING
Guhit ni RUBEN M. FABIAN
"Nakaraan"
PAGKATAPOS IPAHAYAG NI MARIA NA ANG MATIRANG MATIBAY AY SIYANG HAHALILI KAY FELISARDO AT MAG-AARI NG KAYAMANAN SA LOOB NG YUNGIB AY PUMAYAG ANG DALAWANG TAKSIL, NA NAGSIPAGBUNOT NG TALIBONG AT SINIMULAN ANG PAGHAHAMOK...
MARAHAS NA NAGSAGUPA SI PELIS-BALIBOL AT SI PEDRONG-HANTIK. NAGBIBIGWASAN NG WALANG PUKNAT NA TAGA AT ULOS. DUGUAN NA SILA KAPUWA, NGUNI'T SA MALAS AY WALANG UURONG HANGGANG SA MAGKALAGUTAN...
MALAPIT NA RITO ANG MGA PUTOK. BAYAAN MO NA SILANG MAGPATAYAN, TUMAKAS KA NA! ILIGTAS MO ANG BUHAY MO...!
HE-HE-HE-...! KUNWARI'Y MAHAL MO PA RIN AKO. HUWAG MO AKONG LINLANGIN PAGKA'T HINDI AKO GAYA MONG TUNGGAK...!
IKA-56 NA LABAS
HINDI KITA NILILINLANG, MARIA. SINO MAN ANG MANALO SA DALAWANG BALAKYOT NA IYAN AY HINDI AKO LAMANG ANG UUTAGIN KUNDI PATI IKAW AY NANGANGANIB PAGKATAPOS KANG PAGSAWAAN.
ALAM KO, NGUNI'T NASABI KO NA BA IYONG MGA KAMAY KO NA RIN ANG MAGPAPARAMDAM SA IYO NG LALONG MASAKIT NA KAMATAYAN...!
NANG MULING LINGUNIN NI MARIA ANG DALAWANG NAGHAHAMOK AY BIGLANG NATIGAGAL AT NAPABULALAS NA ANYA'Y...
ABA, AT TAPOS NA PALA ANG LABANAN! SINO KAYA ANG....!


HINDI NAITULOY ANG SASABIHIN PAGKA'T NALINGAPAN NIYA SA GAWING KANAN SI PELIS-BALIBOL NA NAKABULAGTANG HALOS PUTOL ANG LIIG AT LUMULUTANG SA SARILING DUGO, SA GAWING KALIWA NAMAN, SI PEDRONG HANTIK AY NADAPANG WAKWAK ANG TAGILIRAN...
HA-HA-HA-HA-HAAAA!.. ANG MGA ULOL NA DAYUKDOK SA KAMUNDUHAN. SA PAGHAHANGAD NG ALIW SA KANDUNGAN KO AT MGA SUSI NG GINTO AT PILAK AY KAPUWA KANTONG SA MALAGIM KAMATAYAN....!
NAKITA MO ANG NAGING WAKAS NG DALAWANG BUHONG NA PAGKATAPOS MONG PAGTIWALAAN AY SIYA RING GUMAPOS SA IYO... UBOS NA ANG MABABANGIS MONG KAMPON, AT NGAYO'Y MATUTUPAD NA ANG LAON KONG NASANG PAGHIHIGANTI SA IYO!
ANG TIGAS NG PUSO MO, MARIA... IYON PALAY MAY BANTA KANG HIGANTI SA AKIN AY BAKIT HINDI NOON PANG UNANG ARAW AY PINATAY MO NA AKO?
NABATA MONG MAKAPILING, AT NAPAGTIISAN MONG TANGGAPIN ANG MGA HALIK AT YAKAP NG LALAKING ISINUSUMPA MO AT KINASUSUKLAMAN NANG LABIS.
DIYAN MO MASUSUKAT NA TINIIS KONG LUNUKIN ANG NAKADIDIRING KAPAITAN NG MAKA-HAYOP MONG PAG-IBIG, UPANG MATUPAD ANG HANGARIN KONG MALIPOL KAYONG LAHAT NA MGA TULISAN DITO SA BUNDOK!
KUNG IYAN LAMANG HAMAK NA BUHAY MO AY HINDI SAPAT NA KATUMBAS NG IGINUHO MONG KALIGAYAHAN NAMIN NI SIMON. NGAYO'Y IPINAGTATAPAT KO SA IYONG AKO'Y ESPIYA NG KOSTABULARYA. SAMANTALANG INIHAHANDA KO ANG PLANO NG MGA LIHIM NA LAGUSAN SA IYONG KUTA AY UNTI-UNTI KONG PINUPUKSA SA TUDLA NG BUSOG ANG MGA PUSAKAL MONG KAMPON... AKO RIN ANG NAGHUDYAT SA PAGSALAKAY NA ITO NG MGA KOSTABULARYO...!
KUNG GAYO'Y ANO PA ANG HINIHINTAY MO? PALIPARIN MO NA ANG BAO NG ULO KO UPANG HUWAG NANG MAGLIWAT ANG MGA SAKIT NG AKING LOOB...
HA-HA-HA-HAAAA! TALAGANG PATATAGALIN KO MUNA ANG IYONG PAGHIHIRAP. HINDI KITA PAPATAYING BIGLA. LALASLASIN KO MUNA ANG IYONG TIYAN UPANG MARAMDAMAN MO ANG SAKIT NG PAGDUKOT KO SA IYONG PUSO...
ITUTULOY